Filipino

I·C·A·C

INDEPENDENT COMMISSION AGAINST CORRUPTION

NEW SOUTH WALES

WITNESS LIAISON OFFICER

Ano ang Witness Liaison Officer?

Ang NSW Independent Commission Against Corruption ("ang Komisyon") ay mayroon nang Opisyal na Tagapag-ugnay ng Saksi (Witness Liaison Officer). Ang papel na gagampanan ng witness liaison officer ay mamahala sa mga pangangailangan sa kapakanan ng mga testigo. Ang Witness Liaison Officer ay isang kwalipikadong social worker na may karanasan sa pagtatrabaho para sa mga biktima ng krimen, saksi o testigo at miyembro ng pamilya na nasangkot sa karahasan sa tahanan at pamilya, pag-atakeng sekswal, at sa mga huwisyo ng pagpatay/murder.

Paano makakatulong ang witness liaison sa akin bilang isang saksi?

Ang Witness Liaison Officer ay tumatanggap ng ng mga pakiusap mula sa mga opisyal ng Komisyon upang matulungan ang mga saksi. Ang Witness Liaison Officer ay makikipag-ugnay sa saksi upang matasa ang kanilang kapakanan at upang makagawa ng plano ng pakikipag-ugnayan upang masagot ang mga pangangailangang ito. Ang Witness Liaison Officer ay hindi magtalakay ng ebidensya, magbigay ng payong panglegal, o magbigay ng patuloy na pagpapayo sa mga saksi.

Ano ang dapat kong nararamdaman bilang isang saksi?

Bilang saksi, maaari kang apektado ng iyong karanasan sa pakikipanayam sa mga opisyal ng Komisyon o pagtanggap ng mga summon ng korte. Iniuulat ang mga saksi ng mga karaniwang epekto sa kanila, katulad ng:

- pagiging nag-aalala at nanenerbiyos
- nahihirapang makatulog
- nahihirapang mag-focus.

Anong mga suporta at mapagkukunan ang maaari kung makuha bilang isang saksi?

Ang Witness Liaison Officer ay maaaring magrekomenda sa mga saksi sa mga serbisyong pansuporta na makakatulong sa mga saksi sa kanilang mga pangangailangan para sa sikolohikal na kapakanan. Ang pansuportang serbisyo ay mag-aayos ng pakikipagkita para mabigyan ang saksi ng mga pansuportang pagpapayo. Ang Komisyon ay magpopondo ng hanggang anim na mga sesyong pansuporta at maaari pang magpondo ng mga karagdagang sesyon depende sa kaso.

Kasama ng iba pang tagapagbigay ng suporta:

Lifeline: telepono 13 11 14

Beyond Blue: telepono 1300 224 636

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pakikipag-ugnay at suporta ng saksi, mangyaring tumawag sa Witness Liaison Officer sa (02) 8281-5999 o mag-email sa witnessliaison@icac.nsw.gov.au.